Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

gifted to give
500 YEARS OF CHRISTIANITY IN THE PHILIPPINES

PATNUBAY SA MISA

31 Oktubre 2021 | Ika-31 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

LINGGO NG PAGGUNITA SA MGA BILANGGO

Ang Hamong Maging Mahabagin tulad ni Hesus

Ngunit ngayon ay Linggo rin ng Paggunita sa mga Bilanggo. Ang mga bilanggo ay mga taong malimit nating makalimutan, at marahil, ayaw nating alalahanin. Gayunman, sila'y mga kapatid din nating gaya ng iba'y nangangailangan din ng ating habag, pag-unawa, at dasal.

Alalahanin natin ito habang iniaalay natin ang Eukaristiyang ito para sa lahat ng nakapiit sa mga bilangguan, mga nagsisikap na makatulong sa kanila, at lahat ng mga naglilingkod sa mga bilangguan.

Gayundin, humahango ng sigla sa pagkamahabagin ni Hesus kay Bartimeo, dumulog tayo sa Panginoon para sa ating mga pansariling pangangailangan at mga pangangailangan ng sangkatauhan. Sa Eukaristiyang pagdiriwang na ito, tularan natin ang pakiusap ng bulag na taga-Jerico at manalangin, "Panginoon, ipakita mo sa amin ang kadakilaan ng iyong pag-ibig!

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ako'y huwag mong iiwan, D'yos ko, huwag mong layuan akong ngayo'y nagdarasal. Ako ay iyong tulungan, Poong aking kaligtasan.

Pagbati

P – Ang pagpapala ng ating Panginoon Hesukristo, na siyang nagturo ng dakilang utos ng pag-ibig, ang pag-ibig ng Diyos Amang nagmamahal nang lubos, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.
***B* – At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P–Sa pagsisimula sa ating pagdiriwang ng Eukaristiya, manahimik tayong saglit at alalahanin kung gaano kadalas tayong nagkulang magmahal nang tapat sa Diyos at sa ating kapwa. *(Manahimik saglit.)*

P –Pnginoong Hesus, naging kaisa ka ng mga bilanggo at itinuturing mong sa iyo ginawa ang ginagawa namin para sa kanila. Panginoon, kaawaan mo kami.
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

P– Panginoong Hesus, sa aming kakulangan ng pag-asa sa kakayahang magmahal na iyong ibinibigay, Kristo, kaawaan mo kami.
***B*– Kristo, kaawaan mo kami!**

P– Panginoong Hesus, sa aming hindi pagtupad sa iyong dakilang utos ng pag-ibig, Panginoon, kaawaan, mo kami.
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.
***B* – Amen!**

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of *Patnubay sa Misa* may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. Thank You!

Panalanging Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, ang paglingkuran ka ayon sa iyong kasiyahan ay kaloob na iyong ibinibigay sa iyong mga hinirang. Gawin mong ang iyong mga pangako ay aming mapakinabangan ayon sa paraang iyong kinalulugdan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **– Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Deut 6:2-6***

Ang ating sipi galing sa Aklat ng Deuteronomio ay nagsasaad ng Dakilang Utos hinggil sa Pag-ibig sa Diyos. Dapat mahalin ang Diyos nang buong puso, na ang ibig tukuyin ay nagmumula sa kaibuturan ng ating pagkatao. Dapat mahalin ang Diyos nang buong kaluluwa, na ang ibig sabihin ay habang tayo ay may buhay. Dapat ding mahalin ang Diyos nang buong lakas, na ang kahulugan ay namamalas sa panlabas na gawa.

L– Pagpapahayag mula sa Aklat ng Deuteronomio

Sinabi ni Moises sa mga tao: "Matakot kayo sa Panginoon, ang inyong Diyos, at sundin ang lahat ng kanyang mga utos at mga tuntunin habang kayo'y nabubuhay. Kung ito'y susundin ninyo, hahaba ang inyong buhay. Kaya nga, dinggin ninyo ito at sunding mabuti. Kung magkagayo'y mapapanuto kayo, at lalaki ang inyong lahi pagdating ninyo sa lupaing ipinangako niya sa inyo, sa lupaing sagana sa lahat ng bagay.

Dinggin mo, Israel: Ang Panginoong ating Diyos ay siya lamang Panginoon. Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, kaluluwa at lakas. Ang mga utos niya'y itanim mo sa iyong isip."

Ang Salita ng Diyos!
B **– Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 17***

B –Poong aking kalakasan, iniibig kitang tunay!

R. M. Velez





*** O Panginoon kong aking kalakasan, minamahal kita nang tunay na tunay. Panginoo'y batong hindi matitibag, matibay kong muog at Tagapagligtas.** ***B.***

*** D'yos ko ang sa akin ay s'yang nag-iingat. Tagapagtanggol ko at aking kalasag. Sa 'yo, Panginoon, ako'y tumatawag sa mga kaaway ako'y 'yong iligtas.** ***B.***

*** Panginoo'y buhay, s'ya'y Tagapagligtas, matibay kong muog, purihin ng lahat. Sa piniling hari, dakilang tagumpay, ang kaloob ng D'yos sa kanyang hinirang.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Heb 7:23-28***

Ang Sulat sa mga Hebreo ay patungkol sa mga Kristiyano ng ikalawang salinlahi. Nagsimula na silang mag-alinlangan kung tama ang ginawa ng kanilang mga magulang sa pagtatakwil ng sinaunang pananalig ng mga Hebreo upang yakapin ang pananampalatayang Kristiyano. Ipinaliliwanag ng may-akda na si Hesus ang Dakilang Pari at higit siya sa mga pari ng Matandang Tipan. Ang sakripisyong handog ni Hesus ay mabisa at kahit minsan lamang inialay ay nagtatagal magpakailanman.

L– Pagpapahayag mula sa Sulat sa mga Hebreo

Mga kapatid, dati, sa Matandang Tipan, maraming saserdote ang naghahali-halili, sapagkat namamatay sila at hindi nakapagpapatuloy sa panununungkulan.

Ngunit si Hesus ay buhay magpakailanman, at hindi siya mahahalinhan sa kanyang pagkasaserdote. Dahil nga riyan, lubusan niyang maililigtas ang lahat ng lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, sapagkat siya'y nabubuhay magpakailanman upang mamagitan para sa kanila.

Si Hesus, kung gayon, ang Dakilang Saserdoteng makatutugon sa ating pangangailangan. Siya'y banal, walang kapintasan o kasalanan, nahihiwalay sa mga makasalanan at mataas pa kaysa sangkalangitan. Hindi siya katulad ng ibang mga dakilang saserdote na kailangang maghandog ng mga hain araw-araw, una'y para sa sarili nilang kasalanan, at pagkatapos, para sa kasalanan ng mga tao. Minsang naghandog si Hesus – at iya'y pangmagpakailanman – nang ihandog niya ang kanyang sarili. May mga kahinaan ang mga dakilang saserdoteng hinirang ayon sa Kautusan; subalit ang saserdoteng hinirang na may panunumpa ay ang Anak, banal magpakailanman. At ang panunumpa ng Diyos ay huling dumating kaysa Kautusan.

Ang Salita ng Diyos!
B **– Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Jn 14:23***

B **– Aleluya! Aleluya!**
Ang sa aki'y nagmamahal, tutupad sa aking aral. Ama't ako'y mananahan.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Mc 12:28b-34***

Ang pagpapahayag ni Hesus ng Dakilang Utos ng Pag-ibig ay matatagpuan sa tatlong Ebanghelyo nina Mateo, Marco, at Lucas. Ang kakaiba lamang sa sipi ni Marco ay mabait na eskriba ang kausap ni Hesus, isang taong talagang naghahanap ng katotohanan. Ipinahayag ng Panginoong ang pag-ibig ang katuparan sa lahat ng utos ng Diyos.

P– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B **– Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, lumapit ang isa sa mga eskriba kay Hesus at tinanong siya, "Alin pong utos ang pinakamahalaga?" Sumagot si Hesus, "Ito ang pinakamahalagang utos, 'Pakinggan mo, Israel! Ang Panginoon na ating Diyos – siya lamang ang Panginoon. Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong pag-iisip, at nang buong lakas.' Ito naman ang pangalawa, 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.' Wala nang ibang utos na hihigit pa sa mga ito."

"Tama po, Guro!" wika ng eskriba. "Totoo ang sinabi ninyo. Isa ang Diyos at wala nang iba liban sa kanya. At ang umibig sa kanya nang buong puso, buong pag-iisip, at buong lakas, at ang umibig sa kapwa gaya ng kanyang sarili ay higit na mahalaga kaysa magdala ng lahat ng handog na susunugin, at iba pang mga hain."

Nakita ni Hesus na matalino ang kanyang sagot, kaya't sinabi niya, "Malapit ka nang mapabilang sa mga pinaghaharian ng Diyos."

At wala nang nangahas magtanong kay Hesus mula noon.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Nalulуklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Hangad nating matupad ang lahat ng ninanais ng Diyos. Puno ng tiwala sa kanyang pagmamahal sa atin, ating sambitin:

B –Diyos ng pag-ibig, dinggin mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, ang Bayang hinirang ng Diyos, upang maipamalas nila sa lahat ang dakilang halimbawa ng pag-ibig, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa lahat ng mga pari at mga namanata sa Diyos, upang sa taong ito ng kaparian at buhay relihiyoso, mapuspos sila ng dalisay na pagmamahal sa Diyos at sa kanilang kapwa, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang magsikap silang magkalat, hindi ng galit, poot, at paghihiganti, kundi ng tunay na pag-ibig sa kapwa, lalo na sa mga dukha at nangangailangan, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa mga taong malalim ang sugat ng damdamin at hirap magpatawad sa mga nakasakit sa kanila, upang matutunan nilang ang wagas na pagmamahal lamang ang makapagdadala sa kanila ng paghilom at kapayapaan, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa Lingguhang Eukaristiya, upang lumago tayo araw-araw sa pag-ibig sa Diyos at sa ating kapwa at matamo ang kaganapang kanilang hinahanap, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P –Ama naming mapagmahal, isugo mo sa amin ang iyong Banal na Espiritu upang mapuspos kami ng tunay na pag-ibig sa iyo at sa aming kapwa. Sana'y matamo namin ang aming nilulunggating kaganapan sa buhay at kasiyahan ng kalooban, at maging katulad ng iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B –Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P –Manalangin kayo. . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, ang paghahain naming ito ay maging dalisay nawa at maging banal na pakikinabang namin sa iyong awang dakila sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo VII

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Niloob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami'y tunghayan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

***B –* Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

PAKIKINABANG

***B –* Ama namin . . .**

P – Hinihiling namin . . .

***B –* Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B –* Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Narito si Hesus, ang Tagapagtanggol ng ganap na pag-ibig sa Diyos at sa kapwa, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B –* Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kami ay iyong turuan ng landasing patunguhan sa buhay na hahantungan. Sa harap mo'y makakamtan ang lubos na kagalakan.

Panalangin Pagkapakinabang

P **–** Ama naming mapagmahal, magkaroon nawa ng karagdagang bunga ang iyong ginagampanan sa aming banal na pakikinabang upang sa aming pagsasalo maging handa kaming tumanggap sa katuparan ng pangako mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

PAGWAWAKAS

P **–** Sumainyo ang Panginoon.

B **– At sumaiyo rin!**

P **–** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

– Itulot nawa ng makapangyarihang Diyos na ibigin ninyo Siya at ang inyong kapwa tulad ng ginawa ng lahat ng mga santo.

B **– Amen!**

P **–** Tibayan Niya nawa ang inyong pananampalataya ng mga patunay ng Kanyang pag-ibig, upang kayo'y magpunyagi sa mabubuting gawa.

B **– Amen!**

P **–** Patnubayan Niya nawa kayo tungo sa Kanya, at akayin nawa kayo sa landas ng pagkakawanggawa at kapayapaan.

B **– Amen!**

P **–** Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B **– Amen!**

P **–** Humayo kayo sa kapayapaan upang ibigin at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa.

B **– Salamat sa Diyos!**

Ang Dalawang-Daan Patungo sa Buhay na Walang Hanggan

Jess P. Balon • Isinalin ni Cecilia G. Valmonte, EdD

Nagharap ang eskriba ng isang mahalagang katanungan, bagamat may kapintasan ang pagkakasabi nito: "Alin pong utos ang pinakamahalaga?" Ang sagot ni Hesus ay may di-tuwirang pagtutuwid sa katanungan. Hindi natin mapag-uusapan ang isang pinakamahalagang utos lamang. Dalawa ito. Walang "isang riles" patungong langit... ***Ang daan patungo sa buhay na walang hanggan ay iisa nga lamang: PAG-IBIG. Ngunit laman ng "riles ng pag-ibig" na ito ang dalawa pang riles: PAG-IBIG SA DIYOS at PAG-IBIG SA KAPWA, na pinagsamang hindi mapaghihiwalay ng mismong kalooban ng Diyos.*** Gayon ang aral ni Hesus, na nasasaad sa kahanga-hangang buod na nagsama sa dalawang pangunahing utos na natagpuan sa dalawang magkaibang aklat ng Bibliya *(sangguniin Deut 6:4 at Lev 18:19),* ngunit naging batayan na ng pagpapahayag ng buong Lumang Tipan. *(Sangguniin Mt 22:40.)* ***Walang sinuman ang may karapatang magtangkang paghiwalayin ang dalawang utos na ito na nilikhang magkaugnay mismo ng Diyos. Kapag pinasukan ng mga hindi natural na paghiwalay,*** hindi maiiwasang sumunod ang panganib ng di-pagkakapantay at kawalang moral. Ang hindi tamang pagpapakabanal na nakatuon sa Diyos, habang kinakalimutan ang mga pangkaraniwang kahingian ng pag-ibig sa kapwa, ay hindi ayon sa banal na kalooban. Mariing sinabi nga ni San Juan, ***"Ang nagsasabing 'Iniibig ko ang Diyos,' at napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling"*** At napakaraming paraan ng pagkabigo o pagtangging mahalin ang kapwa, habang inaangking mahal ang Diyos. Positibong sinabi ni Santiago na nagbigay ng praktikal na halimbawa: "Ang relihiyong dalisay at walang dungis sa harap ng ating Diyos Ama ay ito: pagtulong sa mga ulila at sa mga biyuda sa kanilang kahirapan. . ." *(San 1:27).* Gayundin naman, ang hindi nagabayang pag-ibig sa kapwa na itinuring na pinakamataas pinahahalagahan sa buhay, ngunit itinatangging mula ito sa Diyos ay isang anyo ng pagsamba sa diyus-diyosan. Ito ay isang kabuktutan. Ang pag-ibig na nakatuon sa tao, hindi maglalaon, ay magiging mapag-angkin, may pagtatangi, mapanglait, mapang-api. . . Hindi ito pag-ibig kailanman, pagkat ang "pag-ibig ay sa Diyos . . ." *(1 Jn 4:7).* Higit pa ang "pag-ibig sa kapwang wala ang Diyos" ay hanggang sa sangkalupaan lamang; ngunit tayo, bilang aral ng ating Kristiyanong pananampalataya, ay nilikhang mabuhay magpasawalang hanggan. Ang tunay na pagmamahal sa kapwa ay dapat na nagpapakita rin ng pagmamalasakit sa kanilang walang hanggang kaligtasan. Sa katunayan, kapag pinanatiling magkaisa ang dalawang pag-ibig na ito tulad ng turo ni Kristo sa salita at sa gawa, mangyayari ang mga kamangha-mangha. Lumalagong parang isang punong natatanim sa tabing-ilog ang buhay ng tao. Ang tuyong disyerto ng lipunang pinahihirapan ng kasakiman at pagkamuhi ay nagiging isang magandang halamanang mabunga at mabulaklak, taglay ang tatak ng PAG-IBIG, kasama ang mga kaugnay nitong mga katangian, tulad ng pagiging maawain, mapagmalasakit, nakikiisa, mapagpatawad, mapagbigay . . . ***Ang ganitong pinag-isang pag-ibig ang pinakamakapangyarihang lakas na kailangan natin sa buhay.*** Kaya nitong baguhin at iangat ang mundo. Kaya nitong buklurin ang mga anak na nagkawatak-watak dahil sa galit, paghihiganti, pagkamanhid . . . sa isang kahanga-hangang pamilyang kakakitaan ng pangkapatirang pagbabahaginan at mabuting pagtingin sa isa't isa. Pag-ibig ang nagdadala sa ating magkasamang magtulungan sa pamamahala ng Diyos, magkasamang maglalakbay patungo sa Kanya sa pagkakaisa at kapayapaan. Ito ang magiging tanda na ang Kanyang kaharian ay sumasaatin.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5241; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Valmonte, J. Domingo, M. Vibiesca, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** J. Feliciano • ***Circulation:*** R. Saldua